ISSN:2546-0536

# HANEP

Basahin Mo Ito!

MAIL PERMIT NO. 2c-17-05-522
OFFICE OF ENTRY: BACOOR CITY, CAVITE
ENTERED AS 1ST CLASS

Taon 4 Blg.8 Hulyo 1-7, 2019 P10.00



pahina 9

*Sa 'klasmeyt ng mister na parak...*

# LADY COP, NAGBARIL SA SARILI DAHIL SA SELOS?

pahina 2

## MLGP, ISUSULONG NG DOH CALABARZON NA MAGING ORDINANSA

*pahina 7*

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

## *Sa 'klasmeyt ng mister na parak...*

# LADY COP, NAGBARIL SA SARILI DAHIL SA SELOS?

**HINIHINALANG nagselos sa kaklase ng kanyang mister na pulis kaya nagpakamatay sa pamagitan ng pagbaril sa sarili ang isang 33-anyos na miembro ng Philippine National Police (PNP) sa Gen Trias City, Cavite.**

Namatay habang ginagamot sa Gen. Trias City Doctors Hospital si PSSgt Analyn Rico, kasalukuyang nakatalaga sa Regional Health Services Region 4A at residente ng Stateland Hills Subd., Brgy Mangahan, Gen Trias City.

Sa ulat ni PSSgt Armine Matro, ng Gen Trias City Police Station, dakong alas-8:30 Martes ng umaga nang natagpuan ang bangkay ng biktima na duguan sa loob ng kanilang bahay katabi ang hinihinalang baril na ginamit umano sa pagpapakamatay.

Nauna rito, ayon sa asawang si Patrolman Ricky Rico, 26, nakatalaga sa Philippine Maritime Group sa 3rd SOU Paranaque, bago ang pagpapakamatay ng lady cop ay nagkaroon sila ng mainitang pagtatalo dahil sa umano'y nagseselos ang kanyang misis sa kaklase nito.

Nabatid na si Ricky ay sumasailam sa pag-update ng kanyang Personnel Accounting and Information System (PAIS) para sa promosyon, kung saan kaklase umano nito ang pinagseselosan ni Analyn.

Papalabas na umano si Ricky sa kanilang bahay patungo ng barracks nang nakarinig ng putok sa kuwarto nila.

Nang puntahan ay nakita ang biktima na duguan na nakahiga sa kanilang kama at katabi nito ang baril na ginamit sa pagpapakamatay.

Isinugod ang biktima sa ospital subalit kinabukasan dakong alas-8:01 ng umaga nang ideklara itong patay ng mga doctor.

Ayon kay Matro, isasailalim sa paraffin test si Ricky kabilang ang baril na ginamit sa pagpapakamatay ng kanyang misis dahil naganap ang insidente sa loob ng kanilang bahay at ang mister lamang ang nagsisilbing witness sa pangyayari.

Sinusulat ito ay hindi pa lumalabas ang naturang paraffin test kay Ricky.

Gayundin ay inaalam kung may naganap na foul play sa pagkamatay ng nasabing lady cop. **GENE ADSUARA**

## 10 'Balintong' nasabat

**INARESTO** ng Cavite police ang tatlong kalalakihan na may dalang Phillipine Pangolin o Balintong, isang endangered species, upang i-deliver sana sa Binondo, Manila, sa compartment ng kanilang sasakyan sa isang checkpoint sa Tagaytay City.

Paglabag sa RA 9147(Wildlife Resources Conservation
and Protection Act) ang isinampang kaso laban kina Simfroso Salazar, 53, driver, ng 115 Talisay Calatagan Batangas; Jorlan Torrequimada, 38, mangingisda, at Victor Equisa, 40, isa ring mangingisda at kapwa residente ng P. Mabuhay Abaroan, Roxas, Palawan.

Sa ulat ni PMSgt Jude Camitan, ng Tagaytay City Police Station, dakong ala-1:30 Biyernes ng madaling araw nang naaresto ang mga suspek sa inilatag na checkpoint ng Tagaytay police sa Brgy. Mendez Crossing East, Tagaytay City kung saan nang inspeksiyunin ang compartment ng kanilang sasakyang Toyota Van na may plate number TSE-540 ay bumulaga ang 10 pirasong buhay na Pangolin o Balintong.

Ayon kay Camitan, ang nasabing Pangolin ay hinuli umano sa Batangas at nakatakdang ideliver sa Binondo, Manila gayunman iimbestigahan din kung galing ito sa Palawan na posibleng dinala ng dalawa nilang kasamahan na residente ng Palawan.

Ang Philippine Pangolin o Balintong ay isang endangered species na orihinal na nagmula sa Palawan o tinawag na Palawan Pongolin.

Ang Pangolin o tinatawag din na "ant eater" dahil kumakain sila ng mga langgam o mga bulate na siya nilang pagkaing ikinabubuhay.

Ang mga suspek ay nakakulong sa Tagaytay City Custodial Center habang ang mga Pangolin ay nakatakdang i-turn over sa Department of Environmental and Natural Resources (DENR) para sa pangangalaga. **GENE ADSUARA**

## Kapitolyo ng Rizal nakiisa sa 2nd Quarter NSED

**KAPITOLYO NG RIZAL,** Antipolo City, Rizal –Seryoso at taimtim na nag-Duck, Cover at Hold ang mga empleyado ng Pamahalaang Panlalawigan ng Rizal sa pakikiisa sa 2nd Quarter Simultaneous Earthquake Drill bilang paghahanda at pagsasanay sa maaaring idulot ng "The Big One," ang malakas na lindol na maaaring tumama sa Luzon ayon sa mga eksperto.

Sa atas ni Rizal Gob. Rebecca "Nini"Ynares kay Provincial Disaster Risk Reduction Officer (PDRRMO) Loel Malonzo ay binigyang diin niya na dapat ay isapuso at seryosohin ng lahat ng empleyado ang ginagawang quarterly earthquake drill dahil maaaring ito ang makapagligtas sa maraming buhay kung mangyayari nga ang malakas na lindol.

Kaya naman matapos ang malakas na pagtunog ng alarm sa Kapitolyo, na siyang simulation ng lindol, maayos na naglabasan sa kani-kanilang mga kuwarto ang mga empleyado habang naka-cover ang kanilang mga kamay sa kanilang mga ulo. Dumiretso sila sa itinalagang designated evacuation area sa bakuran ng Kapitolyo. Sa loob naman ng Kapitolyo ay nagsasagawa na ang mga "sweeper" sa bawat palapag at kuwarto ng gusali ng Pamahalaang Panlalawigan upang i-account kung lahat ng empleyado ay ligtas at matiwasay na nakalabas at nakapunta sa evacuation area.

Sa pangunguna naman ni PDRRMO Malonzo ay nakikipag-koordinasyon na ang buong disaster team sa Provincial Health Office na nagtsi-check kung may mga empleyadong nasugatan at kailangang malapatan ng kaukulang medikal na tulong dahil sa lindol. Makaraan ang ilang minuto at matiyak ang integridad ng gusali ay saka lamang maayos na pinabalik sa kani-kanilang tanggapan ang mga empleyado.

"Seryoso kami sa simulation earthquake drill na ito at masinsinan naming pinag-aaralan kung ano pa ang mga dapat na paghahanda o kaya ay kakulangan na dapat pang pag-ibayuhin ng lahat upang masiguro na magiging handa at ligtas ang mga Rizalenyo sa sakunang dulot ng lindol," pahayag ni Gob. Ynares. **(PIA-Rizal may ulat mula sa Rizal PIO)**

## 3 centenarians sa Antipolo tumanggap ng cash incentive

**LUNGSOD NG ANTIPOLO, Rizal--** Php 300,000 ang inihandog na pagkilala ng Pamahalaang Panglungsod ng Antipolo sa tatlong senior citizens na umabot ang edad sa 100 taong gulang. Sumaya ang kaarawan ng naturang mga centenarians nang matanggap ang cash incentive mula sa pamahalaang lungsod at Department of Social Welfare and Development (DSWD) IV-A.

Kinilala ang 3 centenarians na sina Juan Jacob ng Brgy. Mambugan; Romana Cinco ng Brgy. San Luis; at Purificacion Asejo ng Brgy. Mayamot.

Ayons sa R.A. 9994 na pinatibay ng kasunduan sa pagitan ng pamahalaang lokal at pribadong sektor, makakatanggap ng libreng birthday cake ang bawat senior citizens sa Antipolo gayundin ng movie pass para libre silang makapanood sa mga sinehan sa lungsod.

Ayon rin sa R.A. 10868 o Centenarian Act of 2016 nakakatanggap rin ng P100,000 ang sinumang Pilipinong sasapit sa edad na isang-daan taong gulang.

"Belated happy birthday at congratulations po sa mga bagong centenarians natin. Napakapalad po ninyo na mabiyayaan ng mahabang buhay at natatanging lakas ng loob para harapin ang mga pagsubok ng buhay. Ang pagkilala po namin sa inyo at sa mga senior citizens ay higit pa sa tungkulin dahil ito po ay nais naming gawin ng bukal sa loob at buong puso. Inspirasyon po sa aming lahat ang inyong tibay at pagmamahal sa ating lungsod," pahayag ni Mayor Jun Ynares. **(PIA-Rizal, may mga ulat mula kay P. Cabasbas/Antipolo PIO)**

## DTI-Quezon launches 5th leg of mentoring program

**LUCENA CITY, Quezon (PIA)-** The Department of Trade and Industry (DTI)-Quezon launched last week at Antigua Restaurant here the 5th batch of beneficiaries under the Kapatid Mentor Me Program in the province.

According to DTI Quezon provincial director Julieta Tadiosa, the Kapatid Mentor Me Program sets out to produce confident entrepreneurs with the right mindset and business know how which will be able to sustain and scale up their enterprises.

The program is anchored on two major objectives, namely: to help micro and small enterprises develop a good business sense by capacitating them through the fundamentals of entrepreneurship and to assist the MSEs in scaling up and sustaining their operations by equipping them with the needed skill sets in the course of theoretical and conceptual discussions and lectures as well as mentoring and coaching sessions.

Businesswoman/Mentor Sherill R. Quintana, Chief Executive Officer of Oryspa, one of the resource persons discussed the entrepreneurial mind setting and values formation to the attendees composed of mentees/ entrepreneurs, students, employees from government agencies and other DTI stakeholders.

Quintana urged mentees to be open to opportunities and innovate to become successful entrepreneurs.

"Open yourself to opportunities, knowledge is a huge power," Quintana said.

Quintana is a successful businesswoman who received the Asia Pacific Women Entepreneurship award in 2018. She also shared her knowledge and expertise in operating a business to the mentees.

Meanwhile, Victor N. Madlangbayan of the Philippine Center for Entrepreneurship – Go Negosyo discussed the Module 2- Marketing to the mentees where he also shared his knowledge in marketing a product.

Madlangbayan futher explained and underscored the triangle of entrepreneurship and the target market that are very important in marketing a product.

Also present during the program launching were DTI-4A Assistant Regional Director Marcelina Alcantara; Michael Caballes, owner of Bukid Amara (Kapatid Agri-Mentor); Aimee Diane Tidalgo of Philippine Center for Entrepreneurship- Go Negosyo and Dexter C. Restan of Ink ni Juan (KMME Batch 3 graduate) who also gave their inspirational messages to the mentees. **(Ruel Orinday-PIA-Quezon)**



**TRES MUSKETEROS:** Parang may mga hawak na espada ang tatlong hinete na nag-uunahan sa finish line. Kuha ito noong nakaraang Linggo, Hunyo 23,2019, na tinaguriaan PHILRACOM CHARITY RACE PARA SA PRESS PHOTOGRAPHERS OF THE PHILIPPINES. **(FREDDIE M. MANALAC)**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Pagbati kay Col. Garma; Mabuhay ka Col. Maria-

BATIIN lang natin si Col. Royina Garma, director ng Cebu Provincial Police Office (CPPO).

Itinalaga siya ni Pangulong Rodrigo Duterte bilang bagong general manager ng Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO).

Pagpapakita at patunay ito na si Col. Garma ay pinagkakatiwalaan ni Duterte.

Ang lady cop officer na ito ay unang naging female director ng Criminal Investigation and Detection Group sa Central Visayas (CIDG-7) noong 2017.

Tubong Cagayan Valley si Col. Garma at sa kasalukuyan ay 22 taon na siya sa serbisyo.

Ulirang opisyal ng kapulisan at ulirang ina rin si Col. Garma sa kabila ng kanyang pagiging single mother.

Hiwalay na siya sa kanyang dating asawa at ang kanyang anak na babae ay nasa Davao City.

Ang pagiging buhay-pulis ni Col. Garma ay halos naibuhos niya sa lungsod ng Davao.

Doon nakita ni Digong, na noon ay mayor ng Davao City, ang potensiyal ni Col. Garma.

Unang natalaga sa police administrative office ng Davao City sa loob ng dalawang taon at kasunod ay nagging hepe ng Anti Vice Office ng lungsod.

Sa loob ng limang taon ay hinawakan niya ang Women and Children's Protection Desk ng Davao at 2004 nang dalhin siya sa CIDG central office sa Metro Manila.

Nagtapos siya Philippine National Police Academy noong 1997 at kabilang sa unang batch ng mga police lieutenants na mga babae ng akademya.

Nang matalaga naman sa Cebu City, ay mayroon silang banggaan ni Mayor Tomas Osmeña.

Gayunman ay nanatili sa kanyang paninindigan si Col. Garma bunsod ng tiwala at kumpiyansa sa kanya ni Duterte.

Ang tiwala at kumpiyansa na ibinigay sa kanya ni Digong ay hindi niya sisirain lalo sa bagong puwestong kinakaharap.

Nakaumang na kay Col. Garma na mga reporma at charity programs ng gobyerno.

Aminado siya tungkol sa isyu ng korapsyon na kinakaharap ng PCSO.

Pinag-aaralan ni Col. Garma kung papaano magiging "transparent" ang ahensya.

Alam nating mapapag-aralan din ni Col. Garma kung paano mabawasan o matanggal ang mga kontrobersiyang ito.

Tulungan po at ibigay ang suporta sa kanya upang maayos na maipatupad ang mga programa ng PCSO.

Sinusulat ito ay nagbabalak siya ng kanyang early retirement upang higit na matutukan at magampanan ang mas mataas na posisyon.

Ang binakanteng Cebu provincial office ni Col. Garma ay nasa pangangasiwa naman na ni Col. Roderick Mariano.

*Mabuhay ka Col. Mariano!*

# EDITORYAL

## Imbentaryo sa pondo

**NAGBIGAY ng babala si Department of Interior and Local Government o DILG Undersecretary Martin Diño laban sa lahat ng mga punong barangay sa buong bansa.**

**May kaugnayan ito sa sinasabing pagsisinungaling sa isinumiteng report sa Barangay Anti-drug Abuse Council o BADAC.**

**May natanggap kasing report ang opisyal na hindi umano totoo ang nakalagay sa ulat ng ilang barangay chairman na drug free na ang kanilang barangay.**

**Sa pangyayari ay mismong si Diño na ang magsusuri sa isinumiteng report ng mga barangay.**

**Layunin nito ay upang matukoy kung totoong wala ngang mga drug pusher at addict sa nasasakupang barangay ng mga ito.**

**Sana lamang ay huwag basta babala sa halip ay seryosohin ng DILG upang hind maging katawa-tawa ang mahigpit na kampanya ng gobyerno laban sa illegal drugs.**

**Tama rin na isailalim sa imbentaryo ang pondo ng lahat na mga barangay sa buong bansa upang malaman kung saan napupunta o ano ang ginagastusan nito.**


## ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm



# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

**ROMEO S.SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!'** ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.***
papi









**PGC EXTENDS FINANCIAL ASSISTANCE TO INDIGENT RESIDENTS OF CAVITE:** A total of 3,712 indigent residents gathered at the Provincial Gymnasium in Trece Martires City and received a total of P 19, 932, 000. 00 during the mass distribution of welfare assistance on June 24, 2019. The outreach program aims to ease the burden of constituents who are facing difficulties in paying their medical and burial obligations. The ceremonial distribution in the morning was led by Governor Boying Remulla together with Provincial Cooperative Livelihood and Entrepreneurial Development Office head Atty. Khervy Reyes while in the afternoon, they were joined by 7th District Board Member-elect Lito Langit. Likewise, in line with his advocacy "Mula sa Bayan, Para sa Bayan", Governor Remulla echoed his commitment on giving back the taxes paid by his constituents thru extending welfare assistance to those who are in need. Recipients thanked and expressed their appreciation to the local government for continuously initiating programs beneficial to the underprivileged Caviteños. The event was made possible thru the efforts of the Office of the Provincial Governor (OPG) in cooperation with the Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) and Provincial Treasurer's Office (PTO). -- **(PICAD)**

# FUTURE-PROOFING CAVITE MSMEs

**IN its thrust to raise the quality of life of Caviteños and contribute to the nation's economic progress, the provincial government of Cavite thru the Provincial Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial Development Office (PCLEDO) in collaboration with the Department of Trade and Industry (DTI-Cavite), and the Cavite Small and Medium Enterprises Development Council (CaSMEDC), conducted the Cavite Business Expo 2019 on June 21, 2019 at the Tagaytay International Convention Center in Tagaytay City.**

Undersecretary Zenaida Maglaya of DTI-IV-A, Regional Operations Group led the ribbon-cutting ceremony that officially opened the business expo, trade fair and exhibit. Usec. Maglaya was joined by DTI-Cavite Director Noly Guevara, PCLEDO Officer-in-Charge Atty. Khervy Reyes, Provincial Administrator for Community Affairs Mr. Alvin Mojica, DTI-Cavite Business Development Division Chief Revelyn Cortez and PCLEDO Entrep Division Head Ms. Liza Gabatan.

Entrepreneurs in Cavite who gathered for one of the biggest affairs to capacitate them under the banner "Future-Proof MSMEs: Converging Stakeholder for Inclusive Growth" were welcomed by Provincial Administrator for Community Affairs Mr. Alvin Mojica who also delivered an inspiring message on behalf of Governor Boying Remulla.

Meanwhile, in her keynote speech, Usec. Maglaya told Caviteños how fortunate they are to have a total of 24 DTI Negosyo Centers in the province to assist MSMEs and would-be entrepreneurs. She also disclosed that the agency is also preparing to put up same centers in the barangay level and bring free services closer to those interested in starting their own business. Usec. Maglaya was proud to know that Director Guevara has already committed to start right away, targeting around 35 barangays as pilot for the Negosyo Serbisyo sa Barangay program.

The program continued with the overview of the activity by PCLEDO Entrepreneurial Division Head, Ms. Liza Gabatan and with the presentation of the BIZ iCreate graduates to further motivate participants to pursue their dreams. The BIZ iCREATE stands for Cavite Responsible Entrepreneurs Aiming Toward Economic Sustainability, a progressive training designed to reach out to entrepreneurs and cultivate in them the proper mindset for ease of managing business.

Among the resource speakers who helped PCLEDO and the provincial government capacitate entrepreneurs and improve their business skills were Mr. Joey Espiritu, Owner of Tent King, Manang A's Catering, Forrent and Food Chow; Mr. Johner Fernandez, President and CEO of Life with A Plus Learning Resources Inc. and JE Fernandez Publishing House, plus representatives from Pinoy Biznet-Cyber Optimus Philippines, Inc.; First Circle Financial Technologies, Union Bank Global Linker, ROC.ph and PNB Bayad Connect. Everyone provided useful tips to expand business opportunities while sharing true success stories of each business.

Participants were moved by the story of Mr. Joey Espiritu who started in the industry as a small entrepreneur doing decorative balloon-making business for party needs and different occasion. Mr. Espiritu shared some guidelines on how to identify business opportunities, saying that for every problem, the mind of entrepreneurs always work best, being able to think of creative ways on how to turn problems into profit. He cited wedding as the best example where various suppliers can enter into, such as food catering, bridal cars, tables and chairs, flowers, souvenirs, hair and makeup, lights and sounds, tents, fireworks, and many other needs and demands of couples.

In addition to the opportunities and trends, Mr. Johner Fernandez provided some of the best marketing practices that can help boost the business. He discussed the proper mindset entrepreneurs must possess in order to keep up with the global economy. Mr. Fernandez also highlighted different stages in business proven to be effective in its management, including the Set-up Stage for Birth Plan, Start-up for Business Plan and Step-up for the Boost Plan. He advised participants to be patient and understand the principles every entrepreneur need to undertake.

Words of challenge from PCPC Chairman Emeritus Rodrigo "Ka Rodring" Camia and DTI-Cavite Director Noly Guevara also made an impact to the participants. A message of appreciation to resource speakers who provided the how's of entrepreneurship, as well as to the participants, guests and exhibitors who contributed to the success of the 2019 Cavite Business Expo by Atty. Khervy Reyes concluded the event. **PICAD**

# Ginang, patay sa bundol

**IMBES** na magpapa-check up lang sana, natuluyan ang isang 66-anyos ng ginang nang bundulin ng isang sasakyan habang papatawid sa tapat ng ospital sa Bacoor City, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Metro South Medical Center ang biktimang si Amelia Reyes, balo at negosyante, ng Blk 10 Lot 7 George town Heights Brgy. Molino IV, Bacoor City.

Hawak ng pulisya ang driver ng isang kulay blue na closed van Isuzu Elf na may plakang RNN 699 na si Elmer Ginete, 45, ng 141 Brgy. III Tanza Cavite.

Sa ulat ni PSSgt Edison Fetalculin, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-6:25 ng umaga nang naganap ang insidente kung saan papatawid ang biktima sa tapat ng Metro South Medical Center sa Molino-Paliparan Road sa Brgy Molino 4 nang banggain siya ng sasakyan na minamaneho ni Ginete na patungo sa direksiyon ng Daang Hari, Bacoor City.

Isinugod ang biktima sa ospital na tapat lamang kung saan naganap ang insidente subalit hindi na nadugtungan ang kanyang buhay.

Reckless Imprudence Resulting in Homicide ang isnampang kaso laban sa driver. **GENE ADSUARA**

# Mas progresibong Maynila, hangad ni Isko

**TILA** patuloy na lumalaban para sa mga susunod na henerasyon ng Manilenyo.

Sinabi ito ni Manila Mayor elect Francisco 'Isko Moreno' Domagoso sa pagdiriwag ng ika -448 na anibersaryo ng pagkatatag ng kapitolyo ng bansang Pilipinas, ang Lungsod ng Maynila.

Dagdag pa niya dapat na alalahanin ng bawat Manilenyo ang mga hamon na buong tapang na hinarap at napagtagumpayan ng mga nakaraang Manilenyo.

Sa mga pagsubok na ito ang magiging inspirasyon ng bawat Manilenyo para sa mas progresibong Lungsod.

Dagdag pa nito na ituring ng bawat isa na ang pagsikat ng araw, ang bawat taong nagdadaan, at ang bawat panibagong simula ay hudyat ng bagong pag-asa tungo sa pagkamit ng ating mga pangarap.

Sa kabila ng mga panibagong hamon, mahalaga na magkaisa ang tungo sa tuloy-tuloy na pag-asenso ng bawat Manileño.

Makakaasa ang mga Manilenyo na mapagtatagumpayan ng magkakasama ang hangad na mas progresibo at mas pinagandang Lungsod ng Maynila.**(Leonard Basilio)**



Binigyang pagkilala at pagpupugay ng pamahalaang lungsod ng Maynila kasama si Lt.Col Remedjio Bernaldez ang bantayog ni RAJAH SULAYMAN, ang huling Rajah na lumaban sa mga Espanyol na sumakop sa Maynila, kaugnay ng katatapos na paggunita sa Araw ng Maynila. **CHRISTIAN HERAMIS**

# Driver ng punerarya, binistay ng bala

**HINIHINALANG** droga ang motibo sa pagpatay sa isang 30-anyos na driver ng isang punerarya nang pagbabarilin ng suspek matapos na nagtalo sa Gen. Trias City, Cavite.

Isinugod pa sa Gen. Trias Medical Center ang biktimang si Vicor Permijo, may-asawa, ng Metro South Manggahan, Gen Trias City, subalit idineklarang dead on arrival.

Inaalam naman ang pagkakakilanlan sa suspek na nakilala lamang sa alias "Manok" na kasalukuyang pinaghahanap ng pulisya.

Sa ulat ng Gen. Trias City Police Station, nag-iinuman ang biktima at kasamahan sa trabaho sa Bayrante Funeral Homes na si Reymart Estacion sa kanilang tanggapan sa Manggahan, Gen Trias City dakong alas-9:30 ng gabi nang yayain ng una ang huli dahil may katataguin na isang tao sa Tropical Village, Pabahay, San Francisco Gen. Trias City.

Pagdating sa lugar ay nag-usap ang biktima at suspek, nagkasigawan at nauwi sa mainitang pagtatalo hanggang sa nagbunot ng kalibre 22 na baril ang huli at pinagbabaril ang una sa sentido at kaliwang dibdib.

Tinangkang isugod ni Estacion ang kasamahan sa ospital subalit hindi na ito umabot ng buhay habang ang suspek ay tumakas.

Hinala ng pulisya na may kaugnayan sa droga ang motibo sa pagpatay dahil kilalang tulak ang suspek sa kanilang lugar. **GENE ADSUARA**

# CAVITE PLACES 2ND IN THE2019 SEARCH FOR OUTSTANDING LOCAL PROJECT MONITORING IMPLEMENTERS IN CALABARZON

**THE province of Cavite was awarded a Certificate of Merit for being 2nd place in the Provincial Category of the 2019 Search for Outstanding Local Project Monitoring Committee in Region IV-A during the Second Quarter Regional Development Full Council Meeting held on June 20, 2019 at NEDA IV-A, Calamba City, Laguna.**

Members of the Cavite Provincial Project Monitoring Committee received the award on behalf of Governor Boying Remulla and Cavite PPMC Chairperson and Provincial Planning Coordinator Jes Barrera.

Batangas Governor and RDC Chairperson Hermilando Mandanas led the awarding ceremony together with NEDA-IV-A RD Luis Banua, RDC Co-Chairperson Engr. Ladislao Andal, and SCMDA (Sectoral Committee on Macroeconomy and Development Administration) Chairperson Teresita Leabres.

Quezon was hailed the Most Outstanding Local PPMC this year in the provincial category while LGU-Carmona placed 1st in the 1st-3rd Class Municipal category.

The program was launched to seek commitment of LGUs to efficiently monitor projects and help NEDA on enrolment of projects, submission of up-to-date Regional Project Monitoring and Evaluation System reports, and identification of problems that impede project implementation. **PICAD**

# Free medical and dental services for Cavite City residents

**THE** Provincial Government of Cavite thru the OPG-Extension Office in cooperation with the Provincial Health Office conducted another round of free medical and dental services in St. Peter Parish Church in Cavite City on June 22, 2019.

A total of 167 residents were served by volunteer doctors and dentists from Cavite City RHU led by Dr. Arnold Mendoza and Dr. Willie Cajulis, Philippine Air Force 15th Strike Wing led by 1Lt. Rachelyn Kaye V. Seat and medical staff from General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital who rendered free pedia/ adult consultation, dental check-ups and tooth extraction. The event was made possible thru the request of Knights of Columbus with Renato B. Cataulin as Deputy Grand Knight.

Also present who supported the event were barangay health workers and employees from the local and provincial government. **(PICAD)**

# Obrero dedo, pinsan sugatan sa saksakan

**NASAWI** ang isang 33-anyos na obrero habang kritial ang pinsan nito nang pagsasaksakin ng grupo ng kaaway ng kanyang utol na na-bad trip sa kanyang kanta na " Sige" ng 6-Cycle Mind matapos silang rumesbak sa Trece Martires City, Cavite.

Hindi na umabot ng buhay sa Gen. Emilio Aguinaldo Hospital ang biktimang si JPhil Diloy dahil sa saksak sa katawan, habang kritikal naman ang pinsan nitong si Mark Clara y Diloy , 30, binata, helper at kapwa residente ng 131 Purok 1, Brgy Cabuco, Trece Martires City.

Naaresto naman ang magkapatid na John Albert, 31, painter at Jason Amosco, 36, may-asawa, foreman at kapwa residente ng Package 5 South Ville Subd., Brgy Cabuco, Trece Martires City.

Sa ulat ni Pat. John Gregory Bago, ng Trece Martires City Police Station, nagsimula ang insidente dakong alas-2:00 ng madaling araw kung saan nayaya umano ang kapatid ng biktima na si Jeffrey sa isang birthday party sa bahay ng mga suspek.

"Bumirit kasi ng kantang "Sige" ng 6 Cycle Mind si Jeffrey, eh nabadtrip yung isa sa bisita ng magkapatid kaya kinompronta nito (Jeffrey), eh mga lasing na kaya nagtalo hanggang sa suntukin siya." ayon kay Bago.

Dahil sa pangyayari, umuwi si Jeffrey at nagsumbong sa kanyang kapatid at pinsan kaya sumugod naman ang mga biktima sa bahay ng mga ssupek kung saan kinompronta ang mga ito hanggang sa nauwi sa labu-labo.

Dahil sa dehado ang mag-pinsan, uwuwi ang mga ito hanggang sa napansin na may mga tama ng saksak kaya isinugod sa ospital subalit idineklarang dead on arrival si JPhil.

Nagsagawa naman ng follow up operations ang pulisya at sa tulong ng homeowners association ay inaresto ang dalawa kung saan residente sa lugar**. GENE ADSUARA**

# Puganteng 'tulak' tigbak

**NAPATAY** ang isang tulak na nag-o-operate sa Batangas at Cavite na dating takas na preso nang pumalag sa awtoridad habang isinisilbi ang isang warrant of arrest sa Silang, Cavite.

Kinilala ang napatay na suspek na si Cesar Orbita, ng Brgy Biga 2, Silang.

Sa ulat ni PSMsgt Henry Abarca, ng Silang Municipal Police Station, dakong alas-3:15 ng hapon nang isilbi ang standing warrant of arrest na ipinalabas ni Hon Eleuterio Batahn, Acting Presiding Judge ng Branch 6 RTC Tanauan Batangas, laban sa suspek sa pinagtataguan nitong bahay sa Brgy Biga 2, subalit imbes na sumuko ay nagbunot ng baril at pinaputukan ang mga awtoridad dahilan upang gumanti ang mga ito na nagresulta sa pagkakasugat ng suspek.

Tinangka pang isugod ang suspek sa Estrella Hospital subalit idineklarang dead on arrival ng mga doctor.

Batay sa record, ang suspek ay nakulong sa Alfonso Custodial Center noong September 2017 dahil sa kasong paglabag sa RA 9165 subalit nakatakas ito at nagtago.

Kilala rin ang suspek na talamak na tulak na nag-operate sa Laurel, Batangas at Alfonso.

Gayunman, makaraang ang mahigit dalawang taon na pagtatago, may nag-tip sa pulisya na ang suspek ay namataan sa nasabing lugar kung saan isinilbi ang warrant of arrest na nagresulta sa pagkakapatay sa suspek. **GENE ADSUARA**

# CP ng masahistang bulag, pinatos

**ARESTADO** ang isang 22-anyos na binata matapos nitong patusin ang cellphone ng isang bulag na masahista sa loob ng isang kilalang mall sa Imus City, Cavite.

Nakakulong sa Imus City Custodial Center ang suspek na si Jay-Ar Cruz, ng Area 3, Emmanuel, Dasmarinas City, Cavite dahil sa reklamo ni Novo Espinosa, 44, may-asawa, massage therapist, at ng Brgy Pantaleon, Granados GMA, Cavite.

Sa ulat ni PSMSgt Elmer Pardilla, ng Imus Cty Police Station, dakong alas-10:40 ng Linggo ng umaga nang naganap ang insidente sa 3rd floor ng Robinson's Place, Tansang Luma 4, Imus City, kung saan mag-isang naglalakad ang biktima gamit ang kanyang tungkod.

Naglalakad din sa nasabing palapag ang suspek at nakasalubong nito ang biktima na hawak ang kanyang cellphone na isang Samsung Prime na nagkakahalaga ng P4,500.

Biglang pinasok ng demonyo ang utak ng suspek at nang napansin na walang tao sa lugar ay agad nitong sinikwat ang cellphone ng bulag pero tiyempo namang may dumating na guwardiya at nakita ang suspek kaya hinabol nito na nagresulta sa kanyang pagkakaaresto.

Kasong Robbery Snatching ang isinampa laban sa suspek. **GENE ADSUARA**

# CMO Advocacy visit kontrainsurgency, isinagawa

**LUNGSOD NG LIPA, BATANGAS (PIA)-** Nakipag-ugnayan ang Civil Military Operations sa iba't-ibang stakeholders sa isang pagpupulong na ginanap sa Fernando Air Base sa lungsod na ito noong ika-7 ng Hunyo kung saan pinag-usapan ang problema sa insurhensya.

Ayon kay Col. Gerardo Zamudio, Assistant Chief of Air Staff for Civil Military Operations, matagal ng problema ang insurhensya kung saan karamihan sa nagiging biktima dito ay ang mga kabataan na napapariwara ang buhay dahil sa maling paniniwala.

"Sa loob ng 50 taon, malaking problema na natin ang insurhensya kung saan maraming kabataan ang pinipiling mamundok at makibaka ng mga ideolohiyang itinanim sa kanila. Karamihan sa kanila ay nasasayang ang buhay at kinabukasan tulad ng mga nakaranas na maka-engkwentro ang mga militar at mapatay. Ang kanilang pamilya ay hindi lamang nawalan ng isang miyembro ngunit maging ang ating bansa ay nawalan ng isang pag-asa sa mga kabataang ito. Ang armadong pakikibaka ay hindi sagot sa kaunlarang hinahangad natin dahil 50 taon na tayong nagpapatayan at walang naidulot na maayos ito sa atin, paulit-ulit lamang ang pangyayari dahil kulang sa komunikasyon," ani Zamudio.

Binigyang-diin pa ng opisyal na dapat maipaabot sa publiko ang mga hakbang na ginagawa ng kasundaluhan upang maisulong ang tunay at konkretong kapayapaan sa bansa.

Ayon kay Zamudio, malaki ang kakulangan ng gobyerno sa pagpapaabot ng mga ginawang programa o proyekto upang maitaas ang antas at paniniwala ng mga tao kaya't ito rin ang dahilan kung bakit nagagamit ito ng ibang mga grupo laban sa pamahalaan.

Kaugnay pa nito,ipinakita din ang mga gagawing programa ng CMO kabilang ang paglulunsad ng Usapang Pangkapayapaan, Usapang Pangkaunlaran (UP UP) Southern Luzon kung saan ito ay kolaborasyon ng pribadong samahan at pamahalaan na maaaring pag-usapan ang mga napapanahong isyu sa pamamagitan ng isang forum; pagsasagawa ng Rap Contest na nagtutulak sa mensahe na naglalayon ng kapayapaan; Campus Peace and Development Forum kung saan magkakaroon ng massive information drive sa lahat ng mga paaralan upang maiwasan ang recruitment dito; Project Tinta o pakikipagtie-up sa mga lokal na pahayagan sa pamamagitan ng opinion column na magpapabatid ng ginagawang hakbang ng Philippine Air Force (PAF); CMO Intervention Team bilang suporta sa Unified Command kung saan dapat inaalam ang mga pangunahing impormasyon sa isang partikular na lugar at mga aktibidad na nangyayari dito at panghuli ay ang pagpapatupad ng Flight Plan 2028.

Samantala, sinabi ni MGen Antonio Parlade Jr., Deputy Chief of Staff for Civil Military Operations ng Armed Forces of the Phils. (AFP) na nasa 90% na ang kampanya ng kasundaluhan upang tuluyang matigil ang insurhensya.

"Dapat mabilis ang ating pagkilos at mabago ang ating mindset gayundin ang patuloy na pagsustina ng ating mga ginagawa at pagkakaroon ng bukas na kaisipan para dito. Sa tulong ng Philippine Information Agency ay hangad natin na maiparating sa ating mga kababayan kung ano ang ginagawa ng ating pamahalaan dahil abot kamay na natin ang kapayapaang ating hinihingi. Agresibo na ang pamahalaan ngayon para ang paghihimagsik ay tuluyang mawakasan," ani Parlade.

Sinabi naman ni PIA Calabarzon Regional Director Ma. Cristina Arzadon na nakahanda ang ahensya upang maging kaagapay ng PAF CMO sa anumang information dissemination programs na bahagi ng kanilang tungkulin.

Matapos ang pagpupulong ay nagsagawa ng isang motorcade at radio guesting sa iba't-ibang mga radio stations sa lungsod ng Lipa at Batangas ang CMO para sa kanilang adbokasiya. **(BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas)**

# MANILA ZOO, 'DI IBEBENTA

**TINIYAK ni Manila Mayor Isko Moreno na hindi ibebenta ng lokal na pamahalaan ang Manila Zoo sa ilalim ng kanyang administrasyon.**

Sa isang forum, sinabi ni Moreno na pumanatag ang mga Manileño dahil walang magaganap na bentahan ng Manila Zoo, taliwas sa naging plano ng Manila LGU.

Lumutang noon na pinag-aaralang ibenta ang Manila Zoo dahil sa sitwasyon nito at ng mismong mga hayop na nasa kanilang pangangalaga.

Hinimok din ni Moreno ang iba't ibang stakeholders na pumunta sa opisina niya at personal na talakayin sa kanya kung ano ang mga gustong mangyari para sa ikabubuti ng Manila Zoo.

Ani Moreno, kailangan niya ang tulong ng mga Manileño upang maisaayos ang Manila Zoo, na maraming dekada na ang tanda. Bukod dito ay naawa na rin umano siya sa mga hayop sa zoo.

Sa kasalukuyan ay sarado pa rin sa publiko ang Manila Zoo makaraang ipasara pansamantala noong Enero 2019.

Ang naturang zoo ay itinuturing ding isa sa major pollutant ng Manila Bay. **(Leonard Basilio)**

# PLM College of Medicine, planong ilipat

**PINULONG** ni Manila Mayor Francisco "Isko" Moreno Domogoso ang mga opisyal ng Pamantasan ng Lungsod ng Maynila (PLM) dahil sa isang kunsultasyon ng mga estuyante kamakailan.

Sa isang pagpupulong ng alkalde at mga lider ng lider ng lungsod ay nakipag-usap sa mga plano sa hinaharap ng lokal na pamahalaan at mga isyu na kailangang matugunan sa PLM.

Kabilang sa mga plano na idinaraos ni Domogoso ay ang iminungkahing batas na magbigay ng P1,000 na buwanang allowance sa bawat iskolar ng lungsod upang mabawasan ang kanilang personal na gastusin.

Gayundin, kasama sa tinalakay ang plano na ilipat ang PLM College of Medicine mula sa campus nito sa Intramuros patungo sa Ospital ng Maynila upang madala ng mga mag-aaral ang gamot na mas malapit sa mga pasilidad ng kalusugan ng lungsod.

Noong siya ay isang konsehal ng lunsod, itinaas ni Domagoso na gagastusin ang P150 milyon ng taunang badyet ng lungsod upang mapabuti ang Ospital ng Maynila.

Sa ilalim ng kanyang termino bilang Vice Mayor, pinilit niya ang mas malaking allocation ng P450 milyon sa ospital na pinatatakbo ng lungsod.

"Tulungan akong magtagumpay," sinabi ni Domagoso sa mga lider ng council student ng PLM. "Mahusay ako sa tingin mo sa mga kabataan. Hindi ka lang mga mag-aaral, kundi pati na rin ang mga mamamayan ng Maynila na may tungkulin na tulungan ang lungsod at ang mga mamamayan nito na magtagumpay."

Tinanggap ng mga opisyal ng konseho ng estudyante ng PLM ang pangitain ni Domagoso para sa Maynila, na sinasabi na handa silang tulungan na gawing masigla at masigasig ang lunsod.

Sa kabilang banda, ang mga pinuno ng estudyante ay nagtataas ng kanilang mga karaingan tungkol sa mga isyu na nakapalibot sa kanilang campus.

Inihayag ng mga opisyal ng konseho ng mag-aaral ang kanilang mga matagal na laboratoryo at mga aklatan, estado ng kanilang mga cafeteria, at kakulangan ng transparency kung paano ginagamit ang mga pondo sa pag-unlad, bukod sa iba pa.

Bilang tugon sa kanilang mga karaingan, nanumpa si Domagoso na ipatupad ang mga reporma sa PLM sa loob ng unang isang daang araw ng kanyang administrasyon.

Ipinangako rin niyang magtalaga ng bagong PLM President na naging produkto ng sistema ng pampublikong edukasyon at isang tunay na asul na Manileño: "Sa ganitong paraan, alam ng bagong PLM President kung ano ang mga hinaharap na hamon ng mga estudyante ng mga pampublikong paaralan . "

"Kapag walang pagbabago sa isang daang araw na iyon, bumalik ka sa akin. Singilin po ang aking opisina ng mga reaksyon," pahayag ni Isko. **(Leonard basilio)**

# NICT Summit 2019 highlights solutions to govt's digital transformation issues

**QUEZON CITY (PIA)—**Authorities in the field of Information and Communication technology highlight the government's efforts in leveling up the country's digital transformation during the National Information and Communications Technology Summit 2019 held 25-26 June 2019 at the Novotel Manila, in Quezon City.

In his keynote address, Dept. Of Information and Communications Technology (DICT) Sec. Eliseo M. Rio, Jr. highlighted the importance of ICT in offering solutions to the problems experienced in the 4th industrial revolution such as heavy traffic, time spent in looking for parking spaces.

The Fourth Industrial Revolution (4IR) is the fourth major industrial era since the initial Industrial Revolution of the 18th century. It is characterized by a fusion of technologies that is blurring the lines between the physical, digital and biological spheres, collectively referred to as cyber-physical systems.

The NICT Summit 2019 is the biggest gathering of Philippine government movers in the field of ICT attended by around 500 government executives, ICT managers and practitioners, local government officials, and academe members.

With the theme "Accelerating Government's Digital Transformation", the event will also tackle local challenges of government data integrity and reliability for mobile services involving payments, civil registries, education, elections, passports, and other frontline services.

Plenary sessions feature topics such as data-driven social services and emerging technologies while parallel tracks will engage conversations on digitization in government, and local government unit digital transformation, among others with industry partners. In cooperation with the Chief Information Officers' Forum, Inc. (CIOF) and the CIOF Foundation, Inc. (CIOFF), the two-day Summit is spearheaded by the Department of Information and Communications Technology **(DICT). (PIA InfoComm)**

# BSP warns public vs online banking, mobile text scams

**SAMAL, Bataan (PIA) --** Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) is reminding the public to be vigilant against online banking and mobile text scams.

During the launching of Negosyo Serbisyo sa Barangay, BSP San Fernando Branch bank officer Ma. Lourdes Laconsay warned residents of barangay Palili to ensure that they are visiting official bank websites before online cash transactions to avoid being deceived.

"We want to remind everyone to make sure you are engaging online bank transactions with the legit website because we have received reports of this scam wherein the savings in their account are being stolen," Laconsay stressed.

She also advised the public not to believe in mobile text messages informing them that they have won in a raffle draw and asking about their personal information.

Laconsay said that some of these fraudulent acts are using the name of BSP in order to easily fool the public.

"If you did not join any contest or raffle, don't expect that you'll win a certain amount of money," she added.

BSP is continuously educating the public on financial literacy through seminars and other information dissemination programs. **(CLJD/MJSD-PIA 3)**

# Expanded maternity leave law benefits 120K SSS members

**MANILA --** Over 120,000 female members of the Social Security System (SSS) have benefited from the Expanded Maternity Leave Law in the first four months of its implementation, its top official said on Wednesday.

SSS president and CEO Aurora Ignacio said a total of 122,571 female SSS members have enjoyed a 105-day leave which took effect on March 11 this year.

"We are happy to report that we have assisted about 122,571 female members of SSS during their pregnancy from January to April 2019," Ignacio bared during a press briefing in Malacañang.

"Those who gave birth starting March 11, 2019 when the 105 day-expanded maternity leave law (Republic Act 11210) took effect have benefited from the longer period of recuperation, after giving birth and a longer time to take care of their newborns," she added.

With the new maximum monthly salary credit of PHP20,000 which was implemented last April, Ignacio said the maximum maternity financial assistance of SSS will increase to PHP70,000 by January 2020.

"This is more than double the previous maternity benefit of PHP32,000," Ignacio said.

According to Ignacio, the state-run pension fund has disbursed PHP2.67 billion in maternity benefits from January to April 2019, which is a 15.09 percent rise from the PHP2.32 billion disbursed in the same period last year.

She, meanwhile, clarified some concerns on the law particularly for employers who have paid in advance the maternity benefit adjustment and for self-employed, voluntary members among others.

"Employers who have paid in advance the corresponding adjustment in maternity benefit to their qualified female employees in accordance with RA 11210, they have to submit to SSS a proof of advance payment with their letter request for adjustment and a photo copy of solo parent ID -- if applicable," Ignacio said.

"For self-employed, voluntary members, OFW workers, members separated from employment -- payment of differential shall be made through banks or through checks as the case maybe. Based on the initial settlement of the maternity claim, SSS started paying the differential due self-employed and voluntary members on June 13," she added.

The expanded maternity benefit is among the seven types of benefits under the new SSS law or RA 11199, also known as the Social Security Act of 2018. Others include sickness, disability, retirement, funeral, death or survivor pension and unemployment benefit.

Ignacio, meanwhile, vowed to continuously develop its benefit programs to provide better assistance to the SSS members. **(PNA)**

# MLGP, ISUSULONG NG DOH CALABARZON NA MAGING ORDINANSA

**ISUSULONG ng Department of Health (DOH)-Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon (CALABARZON) na gawing ordinasa ang programang Municipal Leadership and Governance Program (MLGP) kung saan nakasentro ang training sa mga mayor upang masiguro ang pagbibigay ng health services sa isang siyudad o munisipalidad.**

Ito ang naging pahayag ni DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo C. Janairo sa harapan ng walong alkalde ng iba't ibang bayan na sakop ng CALABARZON na nagsipagtapos, na posibleng maputol ang programa kung mawala na sa puwesto ang isang nahalal na mayor kung hindi ipagpapatuloy ng susunod na naluklok sa puwesto.

Paliwanag ni Janairo na ang MLGP program ay nakasentro sa mga halal ng mga mayor sa isang partikular na siyudad o munisipalidad kung saan kinakailangang sumailaim ang mga ito ng 18 buwan na pagsasanay.

Sa nasabing programa, tutukuyin ng mga sumailalim sa training na mga mayor ang mga pangunahing problemang medical sa kanilang nasasakupan sa tulong ng University of the Philippines Manila-College of Public Health (UPM-CPH); Health Leadership and Governance Program (HLGP) at Development Management Officers (DMOs) hanggang sa implementasyon upang makarating sa kanilang nasasakupan.

Katuwang ng mga mayor sa pagtukoy sa mga pangunahing serbsiyong medical ang kanilang Municipal Health Officer (MHO).

Nabatid na pabor din ang mga nagsipagtapos na mga mayor na i-lobby ito sa Department of Interior and Local Government (DILG) na gawin itong ordinansa upang maipagpatuloy ng susunod na mahahalal sa puwesto ang serbisyong medical.

Kabilang sa mga mayor na nagsipagtapos ng MLGP Program ay sina Mayor Virgililo Varias ng Alfonso, Cavite; Mayor Dino Chua, ng Noveleta, Cavite; Mayor Antonio Carolino ng Sta Maria, Laguna; Mayor Carlo Clado ng Majayjay, Laguna; Mayor Daniel Reyes ng Agoncillo, Batangas; Mayor Michael Angelo Rivera ng Padre Garcia, Batangas; Mayor Alexander Rivera ng Buenavista, Quezon; at Panukulan, Quezon Mayor Amado Penamora. **GENE ADSUARA**

# Natatanging Lupong Tagapamayapa sa Lalawigan ng Batangas, kinilala

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)-** Binigyang-pagkilala ng Department of the Interior and Local Government (DILG)-Batangas ang mga barangay na kabilang sa pinarangalan kaugnay ng Lupong Tagapamayapa Incentive Awards(LTIA) na ginanap sa Provincial Auditurium kamakailan.

Ayon kay DILG OIC Provincial Director Abigail Andres, ang LTIA ay itinatag alinsunod sa Section 406(B) ng Local Government Code of 1991 na siyang nagbigay ng mandato sa kanilang tanggapan upang maggawad ng suportang pangkabuhayan at iba pang insentibo sa mga Lupong Tagapamayapa.

Aniya, layon nitong kilalanin ang mga Lupon na nagpamalas ng husay sa pagsusulong ng Barangay Justice System at maging ang patas na pamamaraan ng Lupong Tagapamayapa upang lutasin ang maliliit na gusot sa hanay ng mga pamilya o residente upang maiwasang umabot pa sa korte ang usapin.

Batay sa Katarungang Pambarangay: Isang Handbook, ang Lupong Tagapamayapa o Lupon ay isang grupong itinatag sa bawat barangay, na binubuo ng Punong Barangay bilang tagapangulo at mga kasaping pipiliin na hindi bababa sa sampu at hindi hihigit sa dalawampu.

Ayon kay Governor Hermilando Mandanas, mahalaga ang ginagampanan ng barangay sa lipunan bagamat ito ay tinaguriang pinakamaliit na yunit ng pamahalaang lokal.

"Ang barangay ang itinuturing na pinakamaliit na yunit ng pamahalaang lokal ngunit mahalaga na ito ay napapanatiling mapayapa at tahimik. Malaking papel ang ginagampanan ng ating mga Lupong Tagapamayapa dahil sila ang nagsisiguro na lahat ng usapin at anumang isyu o problema na idinulog sa barangay ay mabigyang pansin at masolusyunan upang hindi na humaba pa ang usapin o kailangan pang dalhin sa Korte para pag-usapan," ani Mandanas.

Hinirang bilang Provincial Winner at Regional Winner ang Brgy. Pinagbayanan sa bayan ng Taysan sa pamumuno ni Punong Barangay Teodora Purino at sila ang kakatawan sa Calabarzon sa National LTIA 2019. Nagkamit ito ng P15K cash incentive habang ang Brgy. Putting Bato East sa bayan ng Calaca sa pamumuno ni Punong Barangay Melvin Bathan ay nahirang na Provincial Finalist at nagkamit ng P10K halaga ng insentibo.

Ang Brgy. Darasa sa Lungsod ng Tanauan na pinamumunuan ni Punong Barangay Luisito Flores ang hinirang na Provincial Winner at Regional Finalist sa kategoryang Component City at nagkamit ng P15k cash incentive. **(BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas)**



TUBIG!!! - Kung sa ibang bahagi sa Metro Manila at iba pang lugar ay hirap sa tubig, dito sa gilid ng riles ng tren sa Algeciras St., Sampaloc, Maynila ay nakakapanghinayang ang tuluy-tuloy na pag-agos ng malinis na tubig galing sa sirang tubo ng MWSS. (J.Robert Amoroso)

# Bar council opens applications for SC, LEB posts

**MANILA --** The Judicial and Bar Council (JBC) has opened the submission of applications or recommendations for upcoming vacancies in the Supreme Court (SC) and the Legal Education Board (LEB).

In an announcement Thursday, SC Clerk of Court and JBC ex officio secretary Edgar Aricheta said two vacancies are opening up in the High Court, as Associate Justice Francis Jardeleza and Senior Associate Justice Antonio Carpio will compulsorily retire from the service on September 26 and October 26, respectively.

Interested applicants must submit two complete sets of applications or recommendations not later than 4:30 p.m. on July 30.

The JBC said a recommendation or nomination filed in lieu of an application may be given due course only if the person has signified his or her acceptance along with the other documentary requirements.

Aside from service records, academic records, and when applicable, performance appraisals, applicants are also required to file a statement of assets, liabilities and net worth (SALN), copies of complaints or records of pending cases if any, medical records, as well as clearances from the Office of the Bar Confidant, Integrated Bar of the Philippines, Office of the Ombudsman, National Bureau of Investigation, and local police.

Aside from the SC vacancies, the JBC also announced two vacancies in the Legal Education Board after the end of the term of chairperson Emerson B. Aquende and regular member Zenaida Elepano ended last January 19. **(PNA)**

# Libreng cremation, handog ng Navotas

**NAVOTAS (PIA)—**Sa halip na libreng libing, libreng cremation na ngayon ang inihahandog ng pamahalaang lungsod ng Navotas para sa mga yumaong mahihirap na residente.

Kaugnay nito, pinasiyayaan nitong Lunes,(Hunyo 24) ang NavoHimlayan crematorium, columbarium at funeral chapel bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-12 anibersaryo ng pagiging lungsod nito.

Pinangunahan nina Mayor John Rey Tiangco at Vice Mayor Clint Geronimo, kasama ang iba pang mga opisyal ng lungsod at mga barangay, ang seremonya na ginanap sa Navotas City Cemetery.

Ani ang mga Navoteño na kayang magbayad ng mga serbisyo ng NavoHimlayan ay maaaring umupa ng nitso sa columbarium sa loob ng 25 taon.

Ang city columbarium ay kasalukuyang may 3,632 nitso at maaaring maglaman ng hanggang 19,000 urna.

"Ang NavoHimlayan ay isang katuparan ng pangako ng ating pamahalaang lungsod na pangangalagaan ang mga Navoteño mula pagsilang hanggang pagpanaw," aniya.

Si Tiangco, na nagsilbing alkalde ng Navotas sa loob ng siyam na taon, ay nahalal bilang kinatawan sa Kongreso noong nakaraang eleksiyon. **(PIA InfoComm/Navotas PIO)**

# DOTr urged to study transfer of flights to Sangley airport

**MANILA --** Senator Sherwin Gatchalian on Thursday urged the Department of Transportation (DOTr) to study carefully the transfer of commercial flights to Sangley airport in Cavite.

Gatchalian said he shares the reservations aired by Philippine Airlines and AirAsia in transferring their commercial flights to Sangley without a detailed study on the impact of such a transfer on both domestic and international air passengers.

The government plans to use the Sangley airport for general aviation and domestic flights to help decongest the Ninoy Aquino International Airport (NAIA).

"Kailangan muna ng masusing pag-aaral bago gumawa ng malawakang paglipat dahil baka mahirapan ang ating mga pasahero, lalo na 'yong mga may hinahabol na transfer flights sa ibang terminals ng NAIA (A thorough study should be conducted first on the transfer of flights [to Sangley] as it may affect passengers, especially those who have to catch their connecting flights from other NAIA terminals)," Gatchalian said in a statement. The senator, however, lauded the plan of Transportation Secretary Arthur Tugade to fast-track the construction of the Sangley airport as a "welcome development" considering that this has been "long overdue."

"Upon completion of the airport, general aviation should be transferred there as soon as possible — all private planes and helicopters should operate in Sangley to help decongest the Ninoy Aquino International Airport," Gatchalian said.

Earlier this month, President Rodrigo Duterte directed the operations in Sangley to start immediately. The Department of Transportation (DOTr) is now working 24/7 on its construction.

Tugade, however, said Sangley alone could not address the congestion at NAIA, noting that "a basket of solutions" is needed.

Among these solutions include the development of NAIA's facilities, development of Clark Airport and other airports outside Metro Manila, Tugade said. The transportation chief targets more domestic airports to be night-rated, which means the airports would be equipped with night-rating facilities, so they could accommodate flights even after sunset. **(PNA)**

# SC ASKS MMDA TO COMMENT ON CONSOLIDATED PLEAS VS. BUS BAN

**MANILA -- The Supreme Court (SC) on Tuesday directed the Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) to answer three suits challenging the validity of its ban on provincial buses along the 23.8-kilometer Epifanio delos Santos Avenue (Edsa).**

Aside from requiring the MMDA led by its Chairman Danilo Lim and the Metro Manila Council composed of mayors of cities and municipalities in the National Capital Region to file a comment within 10 days, the tribunal also consolidated the three petitions.

No ruling on whether to grant the temporary restraining order or writ of preliminary injunction stopping the implementation of MMDA's Regulation No. 19-002 was made in the meantime.

The suits were separately filed by AKO Bicol party-list group Reps. Ronald Ang and Alfredo Garbin Jr., Albay Rep. Joey Sarte Salceda and the Bayan Muna party-list.

The petitions claim a lack of "consultations with the public regarding the issue and should have heard the sides of the owners, bus operators, and especially the passengers that will be greatly affected with the implementation of the said regulation."

The groups claimed the regulation affected thousands of passengers from the provinces.

The groups pointed out that the annual average daily traffic in 2017, which showed that an average of 367,738 vehicles traverse EDSA daily, with 67 percent or 247,527 of these vehicles being private motor vehicles (with 60-70 percent or an average of 148,516 to 185,645 private motor vehicles per day are single occupancy vehicles) while city buses, plying along Edsa with an average of 12,000 units daily and only around 3,300 are provincial buses.

The groups also claimed the planned closure of provincial bus terminals would violate the Public Service Act and is an encroachment of the authority of the Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) to issue, amend and revoke certificates of public convenience to public utility vehicles. **(PNA)**

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**& EX-OFICIO SHERIFF**
**IMUS, CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,** (otherwise known as PAG-IBIG Fund)
Mortgagee,
-versus-
EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

**F.C.CASE NO. 16754-19**

**RALPH MICHAEL S. LEE PIERCE,**
**Mortgagor(s),**
**- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x**

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by PAG-IBIG FUND or HDMF, mortgagee, with principal place of business at 12th Flr JELP Business Solutions Center, No. 409 Shaw Blvd. mandaluyong City, against **RALPH MICHAEL S. LEE PIERCE**, mortgagor with residence and postal address Lot 4, Block 244, Mercury Street, Zone 13, Pembo, Makati City, Metro Manila and/or Lot 29, Block 15 Greengate Homes, Malagasang II-A, Imus, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of February 19, 2019 amounts to **SIX HUNDRED THIRTY TWO THOUSAND THREE HUNDRED FIFTY EIGHT PESOS & 28/100 (Php 632,358.28)**, Philippine Currency including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned will sell at public auction on July 23, 2019 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Imus, Cavite to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1352696**

"A parcel of land (Lot 29, Blk. 15, of the cons.-subd. plan, Pcs-04-023656, being a portion of the cons. of Lot 1852 & 1853 Port, Imus Estate, LRC Rec. No.8843), situated in the Barangay Malagasang 2, Mun. of Imus, Province of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the SW., along line 1-2 by Lot 31, Block 15; on the NW., along line 2-3-4-5 by Road Lot 15 (6.50 m. wide); on the NE., along line 5-6 by Lot 27; and on the SE., along line 6-7-1 by Lot 30, both of Block 15; all of the cons./subd. plan. x x x containing an area of FIFTY SEVEN (57) SQUARE METERS"xxx

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on July 30, 2019 at 10:00 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, May 16, 2019.

**EMMANUELLE H. FRANCISCO**
Sheriff IV

APPROVED: **REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI
& Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**PAG-IBIG FUND or HDMF**
12th Flr JELP Business Solutions Center, No. 409 Shaw Blvd. Mandaluyong City

**RALPH MICHAEL S. LEE PIERCE**
Lot 4, Block 244, Mercury Street, Zone 13, Pembo, Makati City, Metro Manila and/or
Lot 29, Block 15 Greengate Homes, Malagasang II-A, Imus, Cavite

**Publication: HANEP** June 24, July 1 and 8, 2019

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**& EX-OFICIO SHERIFF**
**IMUS, CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,** (otherwise known as PAG-IBIG Fund)
Mortgagee,
-versus-
EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

**F.C.CASE NO. 16783-19**

**SPS. SORILY G. ZABALLAS and JOJO B. ZABALLAS,**
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by PAG-IBIG FUND or HDMF, mortgagee, with principal place of business at 12th Flr JELP Business Solutions Center, No. 409 Shaw Blvd. mandaluyong City, against **SPS. SORILY G. ZABALLAS and JOJO B. ZABALLAS**, mortgagors with residence and postal address at 2nd Floor JCI Manila Bldg., Arquiza St., cor. Grey St., Brgy.667 Zone 72, Ermita, Manila and/or Lot6, Block 4, Grand Residences Exclusive, Carsadang Bago II, Imus, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of February 19, 2019 amounts to **SIX HUNDRED FIFTY ONE THOUSAND NINE HUNDRED SIXTY THREE PESOS & 95/100 (Php 651,963.95),** Philippines Currency including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned will sell at public auction on **July 23, 2019** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Imus, Cavite to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2014054642**

A parcel of land (Lot 6, Blk. 4, of the subd. plan, Psd-04-220121, being a portion of Lot 14-A, (LRA) Psd-391126, LRC Rec. No.8843), situated in the Barangay of Carsadang Bago, Municipality of Imus, Province of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the NE., along line 1-2 by Road Lot 3; on the SE., along line 2-3 by Lot 7, Block 4, all of the subd. plan, on the SW., along line 3-4 by Lot 1288, Imus Estate; and on the NW., along line 4-1 by Lot 5, Block 4; of the subd. plan. x x x containing an area of THIRTY SIX (36) SQUARE METERS"xxx

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **July 30, 2019** at 10:00 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, May 27, 2019.

**EMMANUELLE H. FRANCISCO**
Sheriff IV

APPROVED: **REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI
& Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**PAG-IBIG FUND or HDMF**
12th Flr JELP Business Solutions Center, No. 409 Shaw Blvd. Mandaluyong City

**SPS. SORILY G. ZABALLAS and JOJO B. ZABALLAS**
2nd Floor JCI Manila Bldg., Arquiza St., cor. Grey St.,
Brgy.667 Zone 72, Ermita, Manila and/or
Lot6, Block 4, Grand Residences Exclusive, Carsadang Bago II, Imus, Cavite

**Publication: HANEP** June 24, July 1 and 8, 2019

---




# HITTING SPREE, NAGPAKITANG GILAS

Nagpakitang gilas ang outstanding favorite na kabayo na si Hitting Spree na nirendahan ni Kelvin Abobo sa naganap na 2019 PHILRACOM "4YO & Above Stakes Race" sa karerahan ng Metro Turf. Sa alisan ay nauna sa lundagan si Hitting Spree, sabay bulusok naman ang nasa labas na kalaban na si Tap Dance ni Jerico Serrano kaya hinayaan muna ni Kelvin dahil may kahabaan pa naman ang labanan. Sa unang likuan ay may isang kabayong agwat si Tap Dance kay Hitting Spree, kasunod sina Certain To Win ni Bodjie Henson, Eugene Onegin ni Sadam Pilapil, Sooner Time ni John Alvin Guce at Pangalusian Island ni Mark Alvarez. Pagdating sa 800 meters ay nanatili pa rin sa unahan sina Jerico ng may kalahating katawan laban kina Kelvin sabay biglaang lumapit ang dala ni Bodjie sa may gawing labas. Sa puntong iyan ay naramdaman ni Kelvin ang paglapit sa kanila ni Bodjie kaya inumpisahan niyang hingan si Hitting Spree at agad namang nagresponde si kabayo papasok sa 400 meters. Sa huling kurbada ay umektad na sa may tatlong kabayong layo si Hitting Spree laban sa dalawa tungo sa rektahan, sabay pumasok na sa eksena sa gawing labas ang nagparemateng si Pangalusian Island. Sumingit naman sa tabing balya si Sooner Time. Sa Huling 200 metro ng laban ay tuluyan pang lumayo ng may apat na kabayong agwat si Hitting Spree hanggang sa tapusin ang tampok na pakarerang iyan. Tumapos si Hitting Spree sa tiyempong 1:37.6 (25'-23-'-22'-27') para sa 1,600 meters na distansiya o isang milya. Makakatanggap ang koneksiyon ni Hitting Spree ng halagang P300,000 bilang guaranteed prize at karagdagang P15,000 para sa breeder na handog ng PHILRACOM. Para sa kumpletong datingan mula segundo ay sina Pangalusian Island, Certain To Win, Sooner Time, Tap Dance at Eugene Onegin.

# HANEP SHOWBIZ

## PAGLAKAD NG MGA ARAW, TILA NAIS HATAKIN NI GERPHIL FLORES



**ANO mang espesyal na araw o okasyon na papalapit kahit sino ay halos iisa ang nararamdaman.**

Iyon bang sobra ang iyong pananabik na ang araw na iyon ay dumating at sumapit na.

Kagaya ng Fil-German classical singer na si Gerphil Flores para sa nalalapit na kasal nito.

Sa darating na Hulyo 21 ang pag-iisang dibdib ni Gerphil sa kanyang longtime non-showbiz boyfriend na si Brad Libanan.

Malamang o for sure na tila nais ni Gerphil na hatakin na ang mga araw.

Alam na this, siyempre para ang natatanging araw sa kanya at kay Brad ay matamo na.

Nararapat na lamang talaga na ikasal ang dalawa dahil sampung taon na sila bilang magkatipan.

Lately naman ay naging engaged na sila at heto at ilang tulog na lamang ay maging husband and wife na sila.

So, sino ba naman ang hindi makakaramdam ng grabeng pananabik.

Kaya kapag ganyan ang iyong nararamdaman ay talagang hahatakin mo na ang paglakad ng mga araw.

28-anyos na si Gerphil, ang kanyang ang pangalan ay hango sa Germany at Philippines.

German ang ama ni Gerphil habang Pinay naman ang kanyang ina.

Nakilala si Gerphil sa kanyang runner-up finish sa regional "Got Talent" TV competition.

Kabilang si David Foster sa bumilib sa anging talento ni Gerphil na matatandaang kasama siya sa world class tour ng starmaker/composer.

Advance Happy Wedding!

@@@

SARAH GERONIMO

**SUPORTADO ANG BF**

Kapag mahal mo tiyak na suportado mo, ipapakita at ipapadama ito.

Ganyan ang singer na si Sarah Geronimo para sa kanyang minamahal.

Hindi nakalimot ang singer na bisitahin kanyang boyfriend na isa ring celebrity na si Matteo Guidicelli sa Camp Tecson sa Bulacan.

Tulad ni Sarah, dahil mahal niya ang BF ay ganoon din ang pamilya ni Matteo.

Nakasama pa nga ni Sarah sa pagdalaw sa kampo ang mga magulang at mga kapatid ni Matteo.

Ang 29-anyos Filipino-Italian actor ay sumasailalim sa 45-day training bilang scout ranger at na-promote na ito bilang 2nd Lieutenant ng military reserve command.

Labis ang paghanga ni Matteo sa mga Pilipinong sundalo na isinasakripisyo ang kanilang buhay para sa bayan.

Umaasa ang aktor na maraming pang kabataan ang magkakaroon sana ng interes para pasukin ang militar sa Pilipinas.

Ang isa pang inspirasyon ni Matteo ay ang ibinigay na goodluck wish mismo ni Pangulong Rodrigo Duterte nang minsan siyang bumisita sa Palasyo.

Sa paghaharap nila ni Tatay Digong ay isa sa mga natalakay ang mga planong proyekto para sa mga sundalo ni Matteo.

Saludo sa iyo Matteo!

# IISA... IKAW AT AKO

Sa panulat ni Kuya Arman

## (Ika-15 labas)

**SA** harap ng hapag-kainan ay tumatakbo pa rin ang utak ni Bernie at nasa isip ang babaing nais niyang muling makita sa restoran.

Kaya naman dahil naglalakbay ang diwa ay hindi iniintindi ni Bernie ang pag-uusap nina Cecile at Cora.

"Pagkatapos makapag-almusal ay mauuna na kami ni Bernie ha, bahala ka na muna Cora na dumiretso sa restoran."

Kung napakinggan lamang ni Bernie ang pag-uusap nina Cecile at Cora ay malamang na mag-uusisa siya.

"Sige Cora aalis na kami, 'mamya na lamang ah. 'Yung mga binilin ko pala sa 'yo sa restoran."

Papaalis na sila at nagtaka si Bernie dahil hindi nila kasama o kasabay si Cora.

Ang labis pang pinagtakahan ni Bernie ay nang marinig ang katagang restoran.

Doon lamang napagtanto ni Bernie na hindi sila sa restoran tutungo ni Cecile.

"Traysikel lang eh! Sa probinsiya namin minsan nagagamit ko ang traysikel ng mga kamag-anak ko roon."

Nasa loob ng sasakyan habang bumibiyahe ay kinausap ni Cecile si Bernie.

Magtatanong dapat si Bernie kung bakit hindi sila sa restoran nagpunta subalit mas naunang nagsalita si Cecile.

"Kaya ko natanong kung marunong ka bang magmaneho ng sasakyan eh para nagagamit mo 'yung isang kotse sa bahay."

Napansin nga ni Bernie na dalawa ang sasakyan ni Cecile sa garahe.

"Sa driving school tayo pupunta para maturuan ka roon ng pagmamaneho."

"Sila na rin ang maglalakad at makakasama mo sa pagkuha ng student license."

Nawala ang pagmumuni-muni ni Bernie sa babaing gusto niyang makilala sa restoran.

Mas interesado muna siya sa sinasabi ni Cecile na pag-aaral sa driving.

Lalong nakapagbigay ng interes kay Bernie ay iyong sinabi pa ni Cecile na para magagamit niya ang isang sasakyan.

**(Sundan)**

# "TANIM SA TIYAN"

NOBELA NI ATE JOSIE

## (7)

**DIRE-DIRETSO** ng bahay si Allan at kahit naririnig na tinatawag na siya ng kasambahay at mistulang wala itong pakialam.

Nagpasya si Allan na ibabalik na lamang ang bisikleta at lalakad na lamang siya papunta uli kina Alex.

Wala kasing mapapag-iwanan ng bisikleta kaya nagpaalam si Allan kay Alex.

"Hoy! Allan...May binilin ang mommy mo."

Palabas muli ng bahay ay tinatawag na naman si Allan ng kasambahay.

Hindi interesado sa kung ano ang ibinilin ng kanyang mommy sa kasambahay nila.

Ang mahalaga kay Allan ay makaalis muli at nang makabalik na kina Alex.

"Wow! Imported mga 'to ah, iba na talaga ang mapera. Ayan na, 'redi na totomain natin."

Pagbalik ni Allan ay may ilang imported canned foods na bitbit ito para pulutan nila ni Alex.

"Apat 'yan pero 'yung dalawa lang ang pupulutan natin, itago mo na lang 'yang dalawa."

Sa una ay bahag-yang naiilang si Allan sa kanilang pag-iinuman dahil lantad na lantad sila.

Kitang-kita sila ng nanay ni Alex at ang kanilang mga pinagkukuwentuhan ay naririnig.

"Iho, 'wag na 'wag kang nakakaramdam ng tampo lalo na ng galit sa ina at ama mo."

"Nauunawaan naman kita kung ano man ang nararamdaman mong 'yan."

"May dahilan ang mga magulang mo at sana ay naiintindihan mo ang mga 'yun."

Nagulat si Allan dahil nakiharap at nakihalubilo sa kanilang pag-iinuman ang nanay ni Alex.

Hindi naman uminom ng alak ang nanay ni Alex bagkus ay nakipag-usap lamang sa kanila.

Natutuwa naman si Allan at humahanga sa ina ni Alex sa ginawang pakikisalamuha sa kanila.

"Salamat po uli."

**(Itutuloy)**

# AGM Robert Suelo Jr. nasikwat ang gold medal sa Makati Team Championships

**NATAPUS na din sa wakas ang matagal na pagkauhaw sa medalya matapos makopo ni Arena Grandmaster (AGM) at Fide Master (FM) Robert Suelo Jr. sa Team Competition ang gold medal sa board one sa Tatluhan Open Chess Team Tournament na ginanap sa third floor ng League One Southgate Mall (formerly Alphaland Southgate Mall), malapit sa MRT Magallanes Station, Edsa, Makati City**

Ang 1996 Philippine Junior Champion na si Suelo ay nakopo ang gold medal na may undefeated record 6.5 points mula six wins at draw sa seven outings.

Sa seventh at final round ay giniba ni Suelo si Sherwin Tiu sa Board 1 habang nakaungos si Rene Malupa kay Rommel Lucion sa Board 2. Iniwas naman ni Don Hamilton Arias ang posibleng pagkabokya ng kanyang koponan matapos makapuwersa ng tabla kay Riomar Lago sa Board 3. Tumapos ang koponan ni Suelo na Chessmatic LLP team ng 6th overall na may 10 match points.

"Again I would like to dedicate my victory to my family, relatives and friends." sabi ni Suelo na aktibong miyembro ng International Churches of Christ (ICOC) sa Singapore na sariwa pa din sa 4th overall finish sa FIDE rated Orbe Rapid Chess Cup nitong Sabado sa nasabing lugar.

Nagpakitang gilas ang Team United B na nirendahan nina John Perzeus Orozco, Eder De Jesus, Randy Culangan at team manager Gabriel Libre na inuwi ang titulo, top prize P35,000 at trophy sa closing rites.


Ang Team United B na dinomina ang Rapid Team event matapos ang superior tie break kontra sa kapwa 12 match points na Sikretong Malupit na ginabayan naman nina Mc Dominique Lagula, Jayson Danday, Joseph Lawrence Rivera at team manager Eduel Santos.

Sina National Arbiters Alexander "Alex" Dinoy, Alfredo Chay at Miel Bautista of the Chess Arbiter Union of the Philippines ang nangasiwa ng one-day chessfest na sanctioned ng National Chess Federation of the Philippines. **(Marlon Bernardino)**

# HANEP SPORTS

EDITOR: Mary Austine V. Nillama

Email Add: hanepsports2017@gmail.com



**MOT VS BALIPURE -** UMIKSINA si Motolite import spiker Krystel Esdellle na di naman inabot ng depensa ni Alexandra Vajdova ng Balipure Water Defenders sa kanilang maigting na tagisan sa Premier Volleyball League Season 3 Reinforced Conference Preliminaries sa FilOil Flying V Centre San Juan City. Tinalo ng Motolite ang Water Defenders **(RGN)**

## FM Nelson Villanueva kampeon sa FIDE rated Orbe Rapid Chess Cup

**PINAGHARIAN** ni Fide Master Nelson Villanueva ang katatapos na FIDE rated Orbe Rapid Chess Cup na ginanap sa third floor League One Southgate Mall (formerly Alphaland Southgate Mall), malapit sa MRT Magallanes Station, Edsa, Makati City

Ang La Carlota City, Negros Occidental-native Nelson ay nakakolekta ng perfect seven points para magkampeon sa seven-round tournament. Tinangap niya ang top prize P10,000 at trophy sa closing rites kay National Chess Federation of the Philippines director lawyer Cliburn Anthony Orbe na nagsilbing punong abala sa one-day chessfest na tamok ang 190 players.

Si Nelson na isa sa dating top players ng Barangay Malamig, Rizal Techological University Mandaluyong City chess team ng kanyang College days ay giniba si Jerome Villanueva matapos ang 32 moves ng Double Fianchetto defense tangan ang black pieces.

""I just want to thank God for everything… this is my first time to win again tough tournament in our country,"sabi ni Nelson **(Marlon Bernardino)**



**NLEX VS MERALCO -** ANGAT na angat ang pag banat na basket ni NLEX center JP Erram kung saan ay di nakuhang pigilan sa depensa ng katunggaling si Cliff Hodge ng Meralco sa ilang bahagi ng kanilang laro sa 2019 PBA Commissioner's Cup sa Araneta Coliseum. **(RGN)**



**NTL YOUTH CHESS - HAWAK ni Ma Elayza Villa ang kanyang Championship trophy matapos nitong magw**agi sa mga katunggali sa girls under 15 girls sa ginanap na awarding ceremony ng 2019 National Youth & Schools Chess Championships Grand Finals sa Batangas State University Gymnasium Malvar Campus. sa panguna nila Atty. Ruel Canobas Executive Senior Vice - President, NCFP, WGM Women Grand Master Janelle Mae Frayna, Dr. Expedito Acorda Executive Director Batangas State University, 1st AsIa's Grandmaster Eugene Torre at GM Jayson Gonzales Tournament / Project Director, GM Eugene.

# ‘GIYERA’ SA MAYNILA, SISIKLAB NA

**SA pormal na pag-upo ni Mayor Isko Moreno ngayong Hulyo 1 ay inaasahan na ang pagsiklab ng ‘giyera’ sa Maynila.**

Matatandaan na bago pa man magtapos ang Hunyo ay kaliwa’t kanan na ang binitiwang pahayag ni Moreno hinggil sa kanyang mga babala.

Kabilang na rito ang ginawang pagbabala ni Moreno sa mga barangay chairman na tanggalin na ang mga itinayong illegal parking sa kanilang mga nasasakupan.

Partikular na binalaan ni Moreno sina chairman Bautista ng Valderama, ito ay sa pagbaba lamang ng Del Pan Bridge, at si Chairwoman Diana, ng Baseco pag-akyat ng Del Pan Bridge sa Tondo.

Gayundin ang lahat ng punong barangay sa kahabaan ng R10 kung saan ay makikitang nakahambalang sa pangunahing lansangan ang mga malalaking trak na nagsisilbing balakid sa maayos na daloy ng trapiko.

Nalaman kay Moreno na may sanlibong pisong ‘tara’ kada araw ang mga nasabing truck na pinakinabangan ng mga opisyal ng barangay sa loob ng maraming taon.

Maging ang mga may-ari ng mga trailer at truck driver sa paligid ng isa sa pambansang parke na Paco Park ay binalaan din ni Moreno na tanggalin ang mga itinenggang mga trailer dahil kung hindi ay mauubliga siyang i-acetylen ang mga naturang trailer.

Umaasa si Moreno na sa pormal na panunungkulan niya bilang alkalde ngayong Hulyo 1 ay tanggal na ang mga illegal parking at terminal. **(Leonard Basilio)**

# Number of cops facing administrative raps up 36%

**MANILA --** The number of policemen charged with administrative complaints went up in the first five months of this year, the Philippine National Police (PNP) said Thursday.

Data from the PNP Internal Affairs Service (IAS) showed the number of complaints against police officers from January to May increased by 36 percent to 2,291, compared to 1,683 in the same period last year.

Meanwhile, the average number of cases on a monthly basis also increased to 458, from 337 last year.

Lawyer Alfegar Triambulo, IAS Inspector General, said most of the cops are with the rank of patrolman and are either involved in illegal drug activities, violations in police operational procedure, indiscriminate firing of their firearms, and vote-buying in the recent elections.

Despite the increase in the number of complaints, Triambulo said IAS’s ‘resolved cases’ remained high with 1,454 from January to May this year, compared to 1,136 in the same period last year.

The same goes for the average number of resolved cases monthly at 291, compared to 227 last year.

Earlier, PNP chief, Gen. Oscar Albayalde reminded all police personnel that he would never tolerate illegal acts or wrongdoings committed by anyone within their ranks.

“When a recruit takes his oath as a professional police officer, he automatically loses or waives some of his rights in favor of organizational discipline, duties and responsibilities. So, being scolded, reprimanded, bawled out, or dressed down for misdemeanor, misconduct or commission of crime is just part and parcel of his life being in the uniformed service,” Albayalde said in a statement.

He also reiterated that the PNP is serious in its aim to enforce culture change and character transformation among police officers.

“We continue to ask for the media’s help because this way, we can emphasize that we are true and serious in our drive in wiping out scalawags within our ranks,” Albayalde said in Filipino.

“This is a stern warning to all PNP personnel. We will be adding more teeth to our campaign against those rogues and scalawags among our ranks. We will not hesitate to relieve any official from their posts should any incident like this extortion and robbery case would happen again,” he added.

Albayalde previously said newly-recruited police officers would undergo Special Action Forces (SAF) training as a way of disciplining them. **(PNA)**

# Bangkay sa poso negro, nabisto

**NABUKING** ang pagpatay sa isang pinaghinalaang police asset na nailibing sa ilalim ng poso negro matapos na naaresto ang anim na hinihinalang mga tulak at ikinanta ng isa sa kanila ang naturang krimen sa Bacoor City, Cavite.

Kinilala ang mga naaresto na sina Jimmy Ecleo, alias “Jimmy”; Albert Almojuela, alias “Jimboy”; Michael Angelo, alias “Mike”; Randy Abelencia, alias “Randy”; Albarto Diche, alias Albert at Arsenio Amante Jr, alias “Jr”, pawang nasa wastong gulang at mga residente ng Tambakan, Brgy San Nicolas 3, Bacoor City.

Sa ulat ni PSSgt Roy Vincent Reyes, ng Bacoor City Police Station, dakong alas- 3:00 ng madaling araw nang nagsagawa ng buy bust operation ang mga elemento ng Bacoor CPS at PDEA Cavite sa Brgy Tambakan, Brgy San Nicolas 3, Bacoor City, na nagresulta sa pagkaaresto sa mga suspek.

Sa pagkakaaresto sa mga suspek, ikinanta ni alias Jimmy ang pagpatay sa isang alias “Buboy” kung saan inilibing nito sa ilalim ng poso negro ng isang ginagawang bahay na pag-aari ng suspek.

Sa paghukay sa septic tank, bumungad sa Bacoor CPS ang bangkay na halos puro mga buto na lamang.

Ayon kay Reyes, inamin ni Jimmy ang pagpatay kay Buboy matapos nitong akusahan na isa itong police asset kung saan naganap ang pagpatay sa huli noon pang buwan ng Abril, gayunman, iimbestigahan din ang mga naarestong kasamahan nito na posibleng hindi lamang iisa ang gumawa ng krimen.

Ayon pa kay Reyes na bagama’t matagal na ang pagpatay, wala umanong nagsusumbong sa mga residente dahil takot umano sila kay Jimmy na madalas nakikita na palaging may sugbit itong baril.

Nabatid pa na ang ginagawang bahay ni Jimmy ay nagsisilbi umanong drug den .

Sumugod naman ang mga kamag-anak sa Mesina Funeral Homes upang kilalanin ang bangkay na nakita sa septic tank na ayon sa kanila ay nawawala na ito dalawang buwan na ang nakakaraan. **GENE ADSUARA**

# PNP continues to curb all illegal numbers game

**MANILA --** The Philippine National Police (PNP) will continue to fulfill its responsibility to eradicate all forms of illegal numbers game in the country.

“The PNP will continue to enforce the law against illegal numbers games, particularly ‘jueteng’, ‘masiao’, and ‘Last 2’ as provided under the law,” PNP spokesperson, Col. Bernard Banac, said in a statement Thursday.

Banac was referring to Presidential Decree 1602, as amended by Republic Act 9287.

“We have observed in the past decades that when the PNP went all out against ‘jueteng’ during its peak, street-level ‘jueteng’ activities evolved into illegal drugs trade because some displaced ‘jueteng’ workers had no other alternative source of livelihood, aside from the fact that drug trafficking is more profitable than ‘jueteng’,” he said.

Banac noted that the police cannot afford to be remiss in its duty to enforce the law against both illegal gambling and illegal drugs.

He, however, said that the PNP leadership understands why President Rodrigo Duterte wants the police to focus more on illegal drugs.


“We submit to the wisdom of President Rodrigo Roa Duterte in his expression of preference to ‘jueteng’ than to drug trafficking as a means of livelihood by some people among the poorest sectors of society,” he said.

“At the same time, the PNP will continue to support the regulated numbers game operations of the Philippine Charity Sweepstakes Office through the Small Town Lottery as a legalized alternative to ‘jueteng’,” Banac added.

On Tuesday, Duterte said he would let “jueteng” operations continue for now, tagging it as “lesser evil” compared to illegal drugs.

Illegal gambling, particularly “jueteng” has been a perennial headache of the police due to rampant corruption that comes with their operation.

Several politicians and policemen have been accused in the past of receiving money from “jueteng” operators, either on a weekly or monthly basis. **(PNA)**




# Kay Isko ang Maynila, kay Jonvic ang Cavite

NITONG Hunyo 25 isinagawa ang panunumpa ni Governor Jonvic Remulla sa diocesan shrine of Saint Augustine, o mas kilala bilang Santa Cruz Parish sa Tanza, Cavite.

Ang kanyang kapatid na pinalitan niya na si Governor Boying Remulla ang nanguna sa isang simpleng oath-taking rites.

Si dating Gov. Boying ay kasalukuyang kinatawan ng ikapitong distrito ng lalawigan.

Hindi na bago kay Gov. Jonvic ang pagiging ‘Ama ng Cavite’ dahil dati na rin siyang nanungkulan bilang gobernador.

Pinili at niluklok siyang muli, ibig sabihin ay naniniwala sa kanyang kakayahan.

Gov. Jonvic, ‘wag po sana ninyong bibiguin hindi lamang ang mga sumuporta sa inyo bagkus ay ang mamamayan ng buong Cavite.

Mula Cavite ay talon naman tayo papuntang Maynila, sa katauhan ni Mayor Isko Moreno.

Dalawang higanteng pulitiko lang naman ang giniba ni Isko noong nakaraang eleksiyon.

Katulad ni Jonvic, mas ginusto ng Maynila si Isko sa paniniwala at pag-asang may matatamo na pagbabago sa lungsod.

Hindi rin naman bago kay Isko ang lungsod, bukod sa dati siyang konsehal at vice mayor ay tunay na ‘anak’ siya ng Maynila.

Bentahe pa nagmula sa wala o hirap si Isko kaya mas mananaig sa kanya ang pulso ng masa. ‘Kay Isko ang Maynila, Kay Jonvic ang Cavite,’ parang katulad na title na pelikula noon.

Mas nakakarami ang nagtiwala kaya nanalo pareho subalit sana sila (Isko at Jonvic) mismo ay ‘wag magpapatalo sa mga bulong o dikta ng mga ‘lintang’ nakapaligid o umaaligid sa kanila.




blg.8.indd 13 7/1/2019 6:11:56 AM